

## Mga Microgrid

**TAGAPAGSALAYSAY:** Ang malalakas na hangin ay maaaring maging sanhi ng pag-kontak ng mga sanga ng puno at basura sa mga kawad ng kuryente na may enerhiya, pagpinsala sa aming kagamitan at maging sanhi ng wildfire. Maaaring kailanganin naming patayin ang kuryente sa kaganapan ng masamang lagay ng panahon upang mapigilan ang mga wildfire. Kilala ito bilang pagpatay ng kuryente para sa pampublikong kaligtasan (public safety power shutoff). Alam namin na nakakagambala sa mga buhay ang pagkawala ng kuryente, kaya nakikinig kami sa aming mga kostumer at humahanap ng mga paraan upang mabawasan ang epekto ng mga pagpatay ng kuryente para sa pampublikong kaligtasan, nang hindi nakokompromiso ang kaligtasan. Upang mapahusay ang mga pagpatay ng kuryente para sa mga kostumer at pamayanan, nagkakabit at naghahanda kami ng mga distribusyon at substation na microgrid upang mabawasan ang dami ng mga taong apektado ng mga pagpatay ng kuryente. Ang isang microgrid ay isang lokal na pinagmumulan ng enerhiya na maaaring gumana nang hiwalay mula sa mas malaking elektrikal na grid. Upang suportahan ang aming mga kostumer, naghahanda kami ng mga microgrid sa mga lugar na pinaka-malamang na makaranas ng isang pagpatay ng kuryente para sa pampublikong kaligtasan. Ang mga microgrid, kapag ligtas na bigyan ng enerhiya, ay gumagamit ng pansamantalang pagbuo upang makatulong na panatilihin naka-on ang kuryente para sa mga napakamahalagang serbisyo at ilang mga pamayanan sa mga lugar na madaling masunog sa panahon ng isang pagpatay ng kuryente. Kapag nagpapasiya ang tungkol sa mga lokasyon na maaaring mangailangan ng isang microgrid, isinasaalang-alang namin ang dalawang salik. Isinasaalang-alang namin kung gaano karaming pagpatay ng kuryente ang naranasan ng isang lokasyon sa nakaraan. Kasabay nito, susuriin din namin kung ang isang proyekto sa kaligtasan sa wildfire, tulad ng system hardening o sectionalizing, ay maaaring mabawasan ang pangangailangan para sa isang microgrid sa mga lugar na iyon. Kung magpasya kaming kailangan naming patayin ang kuryente sa panahon ng masamang panahon, ang mga kostumer na malapit sa isang microgrid ay makakatanggap ng impormasyon tungkol sa kung maaari naming ligtas na bigyan ng enerhiya ang kalapit na microgrid. Ang mga kostumer ay maaaring makaranas ng saglit na pagkawala ng kuryente, hanggang apat na oras, sa panahon ng isang pagpatay ng kuryente para sa pampublikong kaligtasan, habang sila ay dini-diskonekta mula sa mas malaking grid, at kinokonekta sa microgrid. Patuloy na makakatanggap ang mga kostumer ng mga abiso tungkol sa kaganapan at sa microgrid na nagsisilbi sa kanilang pamayanan. Mangyaring tandaan, maaari kang makarinig ng ingay mula sa generator o makakita ng karagdagang aktibidad, kung nakatira ka sa isang lugar na sinisilbi ng isang microgrid. Ang pinakamahalagang responsibilidad ng PG&E ay ang kaligtasan ng aming mga kostumer at pamayanan. Dahil dito, ang mga pagpatay ng kuryente ay patuloy na isang kinakailangan tool bilang panghuling paraan. Habang ipinagpapatuloy namin ang aming trabaho upang mabilis na mapahusay ang kaligtasan ng aming sistema, kami ay umuunlad at nagpapahusay upang mabawasan ang epekto ng mga pagkawala ng kuryente dahil sa pagpatay ng kuryente para sa pampublikong kaligtasan sa aming mga kostumer. Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa [pge.com/microgrids](http://pge.com/microgrids).